DANGAL NI BALAGTAS 2020

1. Ang **Gawad Dangal ni Balagtas** ay ang mataas na pagkilala sa naiambag sa panitikang Filipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nito ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang panrehiyon o panlalawigan.
2. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Filipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.
3. Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahan, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taon.
4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bilang pruweba.)
5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat.
6. Ang mga nominasyon ay kinakailangang maglakip ng mga sumusunod na kahingian:

    - KWF Pormularyo sa Nominasyon (maaaring i-download dito)
    - Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahan at nilagdaan ng nagnomina
    - Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahan)
    - Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino

7. Ang nominasyon at iba pang kahilingan ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa Gawad Dangal ni Balagtas 2020
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

8. Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa **3 ENERO 2020, 5nh.**
9. Ang tatanghaling Dangal ni Balagtas 2020 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas, 2 Abril 2020, sa Orion, Bataan.
10. Para sa iba pang detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa telepono blg. (02) 736-2519, o magpadala ng email sa kwf.timpalak@gmail.com.